4

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Linggo 4

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

ONE NCR STRONGER TOGETHER

**Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan 4**
**Kuwarter 1: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Development Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Mimi A. Rambayon, Lilibeth C. Laforteza, B. Bhivian A. Adaza |
| **Content Reviewer:** | Aaron S. Enano, Editha T. Giron, Marilex Tercias |
| **External Content Validator:** | Mark Joseph Santos, Kevin Paul Martija |
| **External Language Validator:** | ??? |
| **Illustrator:** | Leimar Padre |
| **Layout Artist:** | Rey Miguel, Elaine Margarett U. Baguio, Albert James Macaraeg |

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA**, *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO**, *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head
**ANDREW E. TAN**, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor
**LUCKY S. CARPIO**, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | **Paaralan:** | | **Baitang:** | |
|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | **Asignatura:** | |
| | **Petsa at Oras ng Pagtuturo:** | | **Kuwarter:** | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ang pang-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Natutukoy ang mga pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang mga saligan ng lawak at hangganan ng teritoryo ng Pilipinas. | | | |
| *D. Mga Layunin* | Natutukoy ang mga hangganan at lawak ng teritoryo ng Pilipinas gamit ang mapa/globo | Naiisa-isa ang mga saligan ng teritoryo ayon sa Saligang batas | Nalalaman ang mga saligan ng teritoryo ayon sa Doktrinang Pangkapuluan (UNCLOS) | Naipaliliwanag ang mga saligan ng teritoryo ayon sa Doktrinang Pangkapuluan (UNCLOS) |
| *E. Disenyong Instruksyunal* | Key Aspect of Instructional Design<br>Context and Creativity | | | |
| *F. 21st Century Skills* | Information, Media, and Technology Skills<br>• Visual Literacy<br>Learning and Innovation Skills<br>Critical Thinking | | | |
| **II. NILALAMAN/ PAKSA** | Teritoryo ng bansa ayon sa Saligang Batas 1935 | Teritoryo ng bansa ayon sa Saligang Batas 1987 | Ang Pambansang Teritoryo ayon sa Doktrinang Pangkapuluan (Archipelagic Doctrine-UNCLOS) | Kahalagahan at layunin ng Doktrinang Pangkapuluan sa bansa |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Araling Panlipunan 4, pp 15-20 | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| *B. Iba pang Kagamitan* | |

**IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO**

**Bago Ituro ang Aralin**

*Panimulang Gawain*

Kung ikaw ang mabibigyan ng pagkakataong mamasyal sa bansa, saan at bakit?

**Hanapin mo Ako!**

Basahin ang mga tanong sa ibaba: Ang mga sagot ay nasa loob ng grid.

Bilugan sa loob ng grid ang mga tamang sagot. Isulat sa pisara ang mga sagot.

1. PARIS
2. MANGSEE
3. MARCOS

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | P | R | A | T | L | Y | M | M | R |
| R | A | R | Y | E | G | T | A | A | N |
| T | R | T | M | V | I | Y | R | R | G |
| Y | I | F | T | A | V | I | C | C | H |
| H | H<br>S | F | K | H | F | H | O | F | M |
| A<br>V | N<br>B | G<br>H | S<br>K | E<br>I | E<br>A | S<br>M | S<br>K | T<br>P | K<br>I |
| L | I | P | I | N | A | S | Y | Y | S |

1. Kasunduan na naging daan ng pagwawakas ng digmaan sa pagitan ng Amerika at Espanya.
2. Ito ay mga islang bahagi ng Turtle islands. Pangulong

**Balitaan:**

Ibalita sa klase ang tungkol sa nasaliksik na may kaugnayan ng karagatang teriitoryo.

Sino-sino ang mga unang makikinabang sa ating mga karagatan? Paano?

**Dugtungan para makabuo ng kaisipan**

1. *United Nation Conference on the____.*
   A. Law of the Sea
   B. Law of the Sky
   C. Law of the Stars

2. Nakasaad sa batas ang mga___?

Likhang isip na guhit (*imaginary line*)

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | lumagda sa Atas 1956 | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ayusin natin ang mga letrang ito.<br><br>Ito ay mga lugar na makikita sa bansa.<br>May mga pamatnubay na pangungusap sa ibaba nito.<br>1. NESBTAA<br>Dito matatagpuan ang mga bahay na bato, yakul na sombrero, at honest store.<br>(BATANES)<br>2. LAWANPA<br>Dito matatagpuan ang Underground River.<br>(PALAWAN)<br>3. LOHOB<br>Dito matatagpuan ang Chocolate Hills<br>(BOHOL) | Mga bata, alam ba ninyo ang hangganan ng ating bansa?<br><br>Suriin ang mapa natin.<br>*(inaasahan na magpapakita ng mapa ng Pilipinas ang guro)*<br><br>Ano kaya ang pinakadulong isla o pulo na nasasakupan ng ating bansa? | Ano-ano ang mga hanapbuhay na may kaugnayan sa karagatan?<br><br>Maaaring sagot: (manlalayag, mangangalakal at iba pa) | Ano kaya ang kahalagahan ng Doktrinang Pangkapuluan O (UNCLOS) |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br><br>*sa Aralin* | Mga bata basahin natin ang isa pang saligang batas na may kaugnayan sa pambansang teritoryo natin. Malalaman natin ang kaugnayan ng mga pulo ng Batanes sa ating tatalakayin.<br><br>Saligang Batas 1935<br><br>Noong naganap ang Kasunduan sa Paris, hindi naisama ang mga pulo sa Batanes. Kaya ang saligang batas 1935 ay pinagtibay nito na saklaw at isama ang mga pulo ng Batanes bilang bahagi ng teritoryo ng Pilipinas. | Basahin natin ang saligang batas na nagpapaliwanag tungkol sa teritoryo ng Pilipinas.<br><br>**Artikulo I:**<br>**Ang Pambansang Teritoryo**<br>**(Ang 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas)**<br>Ang pambansang teritoryo ay binubuo ng kapuluang Pilipinas, kasama ang lahat ng mga pulo at mga karagatang nakapaloob dito, at lahat ng iba pang mga teritoryo na nasa ganap na kapangyarihan o hurisdiksyon ng Pilipinas, na binubuo ng mga kalupaan, katubigan, at himpapawirin nito, kasama ang dagat teritoryal, ang lalim ng dagat, ang kailaliman ng lupa, ang mga kalapagang insular, at | Mga bata, basahin at unawain natin ang doktrinang ito.<br><br>Ang doktrinang pangkapuluan ay isang doktrina ng teritoryo sa dagat o karagatang naglalayong protektahan ang pamumuhay at seguridad ng mga mamamayan na nakatira sa mga lugar.<br><br>Dokrinang Pangkapuluan<br><br>I. Noong 1974, 1975 at 1976 ay nagdaos ng pandaigdigang kumperensiya ang Pilipinas, Indonesia at iba pang mga bansa hinggil sa batas ukol sa dagat na kilala sa tawag na dokrinang pangkapuluan.<br>II. Nakasaad sa batas ang mga likhang isip guhit (imaginary line) na nagtatakda sa layo at lawak ng karagatang sakop ng isang bansa.<br>III. Sa kasalukuyan, umiiral ang lapad na 200 milyang patakaran batay sa dokrinang pangkapuluan ng Pilipinas.<br>IV. Kilala ito bilang Kumperensiya ng nagkakaisang bansa sa batas ng dagat (United Nation Conference on the Law of the Sea o UNCLOS) na bahagi ng pampublikong | Napag-aralan natin noong nakaraan kung ano ang nilalaman ng Doktrinang Pangkapuluan.<br><br>Tatalakayin naman natin ang iba pang kahalagahan ng Doktrinang Pangkapuluan.<br><br>1. Protektahan ang mga mamamayang na nakatira sa lugar na na ito.<br><br>2. Itinakda ng Law of the Sea Convention ang mga Karapatan at pananagutan ng mga bansa na may kaugnay sa kanilang paggamit ng mga karagatang pandaigdig.<br><br>3. Nagtataguyod ng mga alituntunin sa mga negosyo, kalikasan at pamamahala ng mga likas na yamang dagat. |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | ang iba pang mga pook submarina nito. Ang mga karagatang nakapaligid, nakapagitan at nag-uugnay sa mga pulo ng kapuluan, maging ano man ang lawak at mga dimensyon ay nag- aanyong bahagi ng panloob na karagatan ng Pilipinas. | Internasyonal na Batas sa Pilipinas na noong ika-27 Pebrero 1984 ay pinagtibay ng Batasang Pambansa.<br>(maaaring hanapin sa youtube upang makita ang layo o lawak ng nasasa- kupang karagatan at dagat ng Pilipinas) | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Mga bata tingnan mabuti ang mapa ng bansa natin.<br><br>Image Source:<br>*Retrieve from:*<br>*https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Labelled_map_of_the_Philippines_-_Provinces_and_Regions.png*<br><br>Hahanapin sa mapa ang pulong nasa pinakadulong | Mula sa binasa, sagutin ang mga tanong:<br><br>1. Tungkol saan ang nilalaman ng Saligang Batas Artikulo 1, 1987, ang Pambansang Teritoryo?<br>Sagot<br>(Ang pambansang teritoryo ay binubuo ng kapuluang Pilipinas, kasama ang lahat ng mga pulo at mga karagatan, himpapawirin na nakapaloob dito) | Sasagutin natin ang mga tanong sa ibaba upang maunawaan ang Doktrinang Pangkapuluan.<br><br>1. Ano ang Doktrinang Pangkapuluan?<br><br>(Ito ay doktrinang teritoryo sa dagat o karagatan na naglalayong protektahan ang pamumuhay at seguridad ng mga mamamayang nakatira sa mga lugar.)<br><br>2. Ano ang UNCLOS? Nagkakaisang Bansa sa Batas ng Dagat o | Ano kaya ang mangyayari sa mga bansang arkipelago at nasa malapit sa karagatan at dagat kung walang Doktrinang Pangkapuluan?<br><br>Posibleng Sagot<br>(Maraming mag- aagawan sa teritoryo sa karagatan. Masisira ang mga yamang dagat dahil sa pang- aabuso o paggamit sa maling paraan) |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | hilaga ng bansa.<br><br>Anong pulo ito?<br>• Batanes | 2. Ano ang nasasaklaw ng batas na ito?<br>a. mga katubigan sa loob at labas ng bansa<br>b. kalupaan at kailaliman nito<br>c. himpapawirin | (United Nation Conference on the Law of the Sea o UNCLOS)<br>3. Ano ang Isinasaad o sinasabi ng UNCLOS?<br><br>(May mga likhang isip na guhit (imaginary line) na nagtatakda sa layo at lawak ng karagatang sakop ng isang bansa.)<br><br>Gaano kalawak ang nasasakupan dagat at karagatan ng Pilipinas ayon sa UNCLOS? | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Magbabalik tanaw tayo tungkol sa Saligang batas 1987. Kung natatandaan ninyo, hindi nila naisali o nakasama ang mga pulo ng Batanes. Kaya sa bisa ng Saligang Batas 1935 ay kasama na rin ang Batanes sa teritoryo ng Pilipinas. | Ipapangkat ko kayo sa tatlong grupo. Sagutin ang tanong na ito.<br>*(Lahat ng sagot ng mga bata ay itatala upang mapag-usapan)*<br><br>Gaano kahalaga ang Saligang Batas ng 1987, Artikulo 1 sa mga mamamayang Pilipino? | Sagutin ang bawat tanong.<br><br>1. Ibigay ang ibig sabihin ng UNCLOS?<br>*(United Nations Conference on the Law of the Sea)*<br>2. Anong batas ang nilalaman ng UNCLOS?<br>Nakasaad sa batas ang mga likhang isip na guhit (*imaginary line*) na nagtatakda sa layo at lawak ng karagatang sakop ng isang bansa<br><br>3. Sino-sinong mga bansa na kasapi sa UNCLOS? | Sino-sino ba ang mga direktang mamamayan na nagtutulungan ng Doktrinang Pangkapuluan?<br><br>Paano nakikinabang ang mga nasa talaan ang Doktrinang Pangkapuluan?<br><br>1. mangingisda<br>2. seaman<br>3. negosyante<br>4. tagadala ng produkto<br>5. at iba pa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pagmasdan ang larawan at kinalalagyan ng mga pulo<br>*(tingnan ang mapa ng Pilipinas)*<br><br>1. Ano-ano ang magagandang tanawing makikita sa Batanes?<br>2. Sa palagay ninyo, may maitutulong kaya ang Batanes sa bansa? Ano-ano ito?<br><br>*(Lahat ng sagot tanggapin, ngunit banayad na ituwid kung may malinaw na pagkakamali)*<br><br>Ang lugar ng **Batanes** ang palaging dinadaanan ng bagyo kung kaya't ang mga tao duon ay natutong maging matatag sa pagharap sa mga ganitong | | Kasama ang Pilipinas, Indonesia at iba pa.<br><br>4. Gaano kalawak ang nasasakupang dagat at karagatan ng Pilipinas ayon sa UNCLOS o Doktrinang Archipelago?<br><br>(Sa kasalukuyan, umiiral ang lapad na 200 milyang patakaran batay sa doktrinang pangkapuluan ng Pilipinas na teritoryong pangkaragatan) | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kalamidad.<br><br>Paano kaya nila maipapakita ang kanilang pagkamatatag? | | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Basahin ang bawat pangungusap.<br><br>Isulat ang **Tama** kung ang kaisipan ay wasto, at kung **Mali** ay iwasto ang naka salungguhit na salita.<br><br>Ang nasalangguhitan ay ang iyong gabay kung tama o hindi ang bawat pangungusap.<br><br>1. Ang saligang batas <u>1987</u> ay pinagtibay na isama ang mga pulo ng Batanes bilang bahagi ng teritoryo ng | Ang mga sumusunod na salita o parirala ay hango sa Artikulo 1, ng Saligang batas 1987.<br><br>Pumili ka ng *buddy* mo. Pipili kayo sa mga nasa ibaba ng iyong ipaliwanag sa klase<br><br>a. pulo<br>b. karagatang nakapaloob<br>c. dagat teritoryal<br>d. mga kalapagang insular<br>e. pook submarina<br>f. dagat na nakapaligid, nakapagitan at nag-uugnay sa mga pulo ng kapuluan maging anoman ang lawak ng dimensyon<br>g. bahagi ng panloob na dagat at karagatan ng Pilipinas | Gaano kahalaga ang Doktrinang ito sa mga Pilipino? Sa ating bansa?<br><br>(Ibigay ang kahalagahan nito sa buhay ng mga mangingisda, at iba pang mangangalakal, at sa ekonomiya ng bansa? Concept Map/web<br><br>Ano ang mangyayari kapag wala ang batas na ito? Kapag hindi susundin ang mga alituntunin nito? | Ipakita ang mapa ng Doktrinang Pang-arkipelago.<br><br>Pagkukuwento ng guro.<br><br>Ano ang pamagatng ating kwento? (Doktrinang Pang-arkipelago)<br><br>1. Tauhan natin, mga mangingisda at ang pangkabuhayan niya ay nasa karagatan o dagat.<br>Lugar – sa Pilipinas, umiiral ang lapad na 200 milyang patakaran batay sa UNCLOS |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pilipinas (1935)<br>2. Ayon sa batas 1935, ang mga pulo ng Batanes ay saklaw ng teritoryo ng Pilipinas. (Tama)<br>Kahit laging dinadaanan ng bagyo ang Batanes ang mga nakatira dito ay tamad. (matatag) | | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Ano ang nilalaman ng Saligang Batas 1935?<br><br>Ibigay ang kahalagahan ng batas na ito sa mga Pilipino?<br><br>*Sagot*<br>(lumawak at napagtibay ang pambansang teritoryo dahil sa Saligang Batas 1935) | Ilahad ang nilalaman at kahalagahan ng Artikulo 1 ng Saligang Batas 1987. | Ano ang Doktrinang Pangkapuluan?<br><br>Ibigay ang ibig sabihin ng ACRONYM na UNCLOS<br><br>Para kanino ang doktrinang ito? | 2. Alituntunin Nagtataguyod ng mga alituntunin sa mga negosyong dumadaan sa karagatan<br><br>Tamang pamamahala sa kalikasan.<br><br>Tamang pagkuha at pangangalaga ng likas na yamang dagat<br><br>3. Paano kaya natin mapapangalagaan ang ating mga kalikasan?<br><br>Ano ang pangunahing layunin ng Doktrinang Pangkapuluan? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Maikling pagsusulit (optional) Oral /written | Maikling pagsusulit (optional) Oral /written | Maikling pagsusulit (optional) Oral /written | Maikling pagsusulit (optional) Oral /written |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | | Ipagpapatuloy para sa layunin at pagpapahalaga ng UNCLOS | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |


DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph